






makibahagi

 Magsilbi sa komunidad bilang manggagawa sa botohan at kumita ng humigit-kumulang \$200.

 Dumalo o magsagawa ng kampanya o presentasyon para sa pagpaparehistro.

 Iboluntaryo ang inyong espasyo bilang isang lugar ng botohan at kumita ng hanggang \$390.

 Sumali sa isang Komite ng mga Tagapayo at tulungan kaming mapabuti ang aming mga serbisyo.

 Obserbahan ang mga proseso ng eleksyon sa pamamagitan ng paglilibot at pag-stream sa sfelections.org/live.



kumonekta

Departamento ng mga Eleksyon
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102
Oras: Lunes - Biyernes
8 a.m. - 5 p.m.

Email: SFVote@sfgov.org
Telepono: (415) 554-4375
Fax: (415) 554-7344
TTY: (415) 554-4386

中文: (415) 554-4367
Español: (415) 554-4366
Filipino: (415) 554-4310

www.sfelections.org

   /sfelections



tandaan. planuhin
ninyong bumoto.

 Mga Nalalapit na Eleksyon:

- * Nobyembre 5, 2019 (lokal)
- * Marso 3, 2020 (primarya)
- * Nobyembre 3, 2020 (pampanguluhan)



magparehistro

Para makaboto, kailangan ninyong magrehistro ng hindi bababa sa 15 araw bago ang eleksyon.



Magparehistro o baguhin ang inyong impormasyon sa registertovote.ca.gov, o



gumamit ng form na papel. Makipag-ugnayan sa amin at padadalhan namin kayo ng form!

Maaari ninyong i-check ang inyong impormasyon sa rehistrasyon sa sfelections.org/reglookup.

Alam ba ninyo?

Kung hindi kayo umabot sa deadline, maaari pa rin kayong magparehistro para makaboto at maghain ng balota sa Sentro ng Botohan sa City Hall sa pamamagitan ng Rehistrasyon para sa Kondisyonal na Botante.

Itinatakda ng address sa inyong rehistrasyon ang mga labanang lalabas sa inyong balota.

Sa pampanguluhan na primaryang eleksyon sa Marso 2020, itinatakda ng inyong kinakatigang partido kung aling labanan na pampanguluhang primarya, kung mayroon, ang lalabas sa inyong balota. Para palitan ang inyong kinkatigang partido, dapat kayong magparehistro muli.

bumoto

Sa pamamagitan ng koreo

Magsumite ng kahilingan hanggang isang linggo bago ang Araw ng Eleksyon.

Pumunta sa sfelections.org/vbm, tumawag sa (415) 554-4310, o bisitahin ang tanggapan ng Departamento.



Sa inyong lugar ng botohan


Bukas ang mga botohan mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon.

I-check ang address ng inyong lugar ng botohan sa sfelections.org/pollsite.



Sa City Hall

Simula 29 araw bago ang Araw ng Eleksyon, maaari kayong magparehistro at bumoto sa Sentro ng Botohan sa City Hall.



matuto

Aksesibilidad sa pagboto



Maaaring gumamit ang mga botanteng may mga kapansanan ng Accessible na Sistemang Vote-By-Mail (Pagboto sa

Pamamagitan ng Koreo) upang makuha at markahan ang kanilang balota sa isang format na nababasa sa screen.

Para ma-access ang balota, pumunta sa sfelections.org/access.

May mga kasangkapan, kagamitan, at serbisyong pang-aksesibilidad ang lahat ng mga lugar ng botohan.

Mga serbisyo sa wika

Maaaring humiling ang mga botante ng isinaling materyales na pang-eleksyon sa sfelections.org/language o tumawag sa (415) 554-4310.

Makukuha ang mga materyales at serbisyo sa Tsino, Espanyol, Filipino, Vietnamese, Korean, at marami pang ibang mga wika.

Idagdag ang sfelections.org sa inyong mga Bookmark!

Ang aming website, na isinalin sa maraming wika at angkop para sa aksesibilidad, ay naghahandog ng iba't ibang mga impormasyon at mga pamamaraang pantulong. Maaari ninyong i-check ang inyong rehistrasyon, tingnan ang inyong halimbawang balota, subaybayan ang inyong balota, makuha ang mga napapanahong resulta, at higit pa!

á